7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Lesson

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 2 (para sa ikalawang linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University Research
Institute for Teacher Quality SiMERR
National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.**<br>(a) Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.<br>(b) Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.<br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento.**<br>(a) Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal.<br>**Nakabubuo ng isang bayograpikal na sanaysay sa isa sa mga tauhan ng epikong bayan sa pamamagitan ng tekstong *multimodal* (gaya ng *comic book brochure*).**<br>(a) Natutukoy ang mga elemento ng *comic book brochure* na paglalapatan ng bayograpikal na sanaysay ng epikong bayan. |
| **D. Nilalaman** | **Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya**<br>• Akdang pangkagandahang-asal |
| **E. Integrasyon** | Edukasyong pangkapayapaan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

De Castro, M. (1902). Pag Susulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza. Retrieved January 02, 2024 from http://pebh.kite.ph/preview.php?id=75

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf

*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*

Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas.* C & E Publishing Inc.

Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain.<br><br>**a. TANONG-SAGOT:** Balikan ang akdang Pasyon *Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin* at subuking sagutin ang mga tanong na nasa kahon.<br><br>(see table below) | Unang Araw<br><br>Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa akdang pampanitikan sa panahon ng Espanyol. |

| TANONG | SAGOT |
|---|---|
| a. Ano ang pasyon? | |
| b. Anong damdamin ang namayani sa Pasyon at bakit ito ang damdaming namayani sa akda noon? | |
| c. Anong mensahe ang nais iparating ng akda? | |
| d. Anong kaugalian at paniniwala ng mga Pilipino ang ipinakita sa akda sa panahon ng pananakop ng Espanyol? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **b. USAP-SALITA:** Upang mas mapag-usapan ang paksa sa nakaraang tagpo, pag-usapan ito kasama ang iyong mga kaklase sa pamamagitan ng pagtala sa tsart. Magtanong sa iyong kaklase kung ano ang kanilang natutunan sa paksa.<br>***(Pumunta sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br>***(Pumunta sa pahina 5 ng Sagutang Papel)***<br><br>**a. SURI-ASAL**<br>***(Pumunta sa pahina 5-6 ng Sagutang Papel at sundan ang mga gabay na tanong 1-3)***<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto ng Aralin**<br>Sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol hindi lang relihiyon ang kanilang binigyang-pansin. Pinasigla rin ng mga prayle ang pagsusulat at saka lantarang iniangkop sa panitikan ang relihiyon. Kasama ring ipinaloob sa panitikan ang etika at moralidad na naging sanhi ng pagiging palasunurin ng mga Pilipino sa mga dayuhan.<br><br>Hindi lamang relihiyon, moralidad, at wika ang pinagkakaabalahang ituro sa mga katutubo. Nilibang ng mga Kastila ang sambayanan sa pamamagitan ng pagdadala rito ng mga tulang romansa at iba pang akdang Europeo. Karaniwa'y salin o kaya'y iniangkop, ang mga ito ay inangkin na sarili ng mga katutubo nang maging laganap at popular. Sa pangkalahatan, ang panitikan noon ay mauuri ayon sa nilalaman: pangrelihiyon at pangmoralidad, panlibangan at pangwika.<br><br>Para mas mapahalagahan ang pagtalakay sa paksa, basahin ang sumusunod na tanong bilang gabay sa susunod na gawain o talakayan.<br>a. Tungkol saan ang akdang binasa?<br>b. Bakit nagustuhan o di-nagustuhan ang kuwento?<br>c. Paano nakatutulong ang mga gawain para mas maunawaan ang akdang binasa?<br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Para mas maunawaan ang akdang babasahin, bigyang-kahulugan ang ilang mahihirap na salita na ginamit sa akda. Pagkatapos ay gamitin ito sa sariling | Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Ikalawang Araw<br><br>Mga gawaing panghikayat ang tuon ng bahaging ito. Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral tungo sa interaktibong pagsasanay. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang akda na nagpapahayag ng |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>pahayag.<br><br>

| SALITA | KAHULUGAN | PAHAYAG |
|---|---|---|
| kamusmusan | | |
| naglulumpagi | | |
| nararahuyo | | |
| mabuyo | | |
| nakaririmarim | | |
| manglilibak | | |

</td>
<td>magandang-asal na siyang pangunahing paksa ng mga akda sa Panahon ng Espanyol.<br><br>Paghahawan ng balakid. Ang gawaing ito ay puwedeng gawing pangkatan o isahan para ang lahat ng mag-aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>IKALAWA AT IKATLONG ARAW<br>Kaugnay na Paksa: Pagsusulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza ni Presbitero D. Modesto de Castro<br><br>Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>Patnubay na Tanong: Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br>1. Ano-anong mga mahahalagang aral ang iyong dapat matutuhan sa akda?<br>2. Ano ang kalagayang panlipunan ng Pilipinas sa panahong isinulat ni M. de Castro ang akda?<br>3. Paano ipinapahayag sa akda ang mensaheng nais ipabatid nito sa mga mababasa?<br>4. Gaano pinapahalagan ng may-akda ang kagandahang-asal na dapat mabatid ng mga Pilipino?<br>5. Paano inilalarawan ng may-akda ang kaibahan ng dalawang mundong ginagalawan ng dalawang tauhan?<br><br>Pinatnubayang Pagsasanay<br>Gawin ang mga nakahandang gawain pagkatapos basahin ang akda.<br><br>PINATNUBAYANG PAGBASA:</td>
<td>Tiyaking bago ipabasa ang akda, muling magamit ang mga susing salita sa pag- uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba’t ibang palatandaan ng pag-unawa.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **Si Urbana kay Feliza -Maynila**<br>**FELIZA:** Ngayon ko tutupdin ang kahingian mo, na ipinangako ko sa iyo sa huling sulat, noong ika... Sa mga panahong itong itinira ko sa Siyudad, ay marami ang dumarating na bata, na ipinagkakatiwala ng magulang sa aking maestra, at ipinagbibilin na pagpilitang makatalastas ng tatlong dakilang katungkulan ng bata na sinaysay ko sa iyo. Sa mga batang ito, na ang iba' y kasing-gulang mo, at ang iba'y humigit-kumulang diyan, ay napagkikilala ang magulang na pinagmulan, sa kani-kanilang kabaitan o kabuhalhalan ng asal. Sa karunungang kumilala sa Diyos o sa karangalan, ay nahahayag ang kasipagan ng marunong na magulang na magturo sa anak, o ang kapabayaan. Sa mga batang ito, ang iba'y hindi marunong ng ano mang dasal na nalalaman sa doktrina kristiyana, na para baga ng Ama namin, sumasampalataya, punong sinasampalatayanan, na sa kanilang edad disin, ay dapat nang maalaman ng bata, kaya hindi makasagot sa aming pagdarasal o makasagot man ang iba'y hindi magawing lumuhod, o di matutong umanyo, ng nauukol bagang gawin sa harapan ng Diyos. Sa pagdarasal namin, ay naglulupagi, sa pagsimba'y nagpapalinga-linga, sa pagkain ay nagsasalaula, sa paglalaro'y nanampalasan sa kapuwa-bata.<br><br>**Si Urbana kay Feliza – Maynila**<br>**FELIZA:** Napatid ang huli kong sulat sa pagsasaysay ng tapat na kaasalan, na sukat sundin sa loob ng simbahan: ngayo'y ipatutuloy ko. Marami ang nakikita, sa mga babaeng nagsisipasok sa simbahan, na lumalakad na di nagdarahan, nagpapakagaslaw, at kung marikit ang kagayakan, ay nagpapalingap-lingap, na aki'y tinitingnan kung may nararahuyo sa kaniya. Marami ang namamanyo nang nanganganinag, nakabingit lamang sa ulo at ang modang ito'y dala hanggang sa pakikinabang at pagkukumpisal. Oh Felisa! Napasaan kaya ang galang sa santong lugar: napasan kaya ang kanilang kahinhinan! Diyata't lilimutin na ng mga babaeng kristiyano yaong utos ng simbahan, pakundangan sa mga angheles? Diyata't hanggang sa kumpisala'y dadalhin ang kapangahasang di nagpipitagang itanyag ang mukha sa Sacerdote? May nakikita at makikipag-ngitian sa lalaking nanasok, ano pa nga't sampo ng bahay ng Diyos ay ginagawang pook ng pagkakasala. Itong mga biling huli na ukol sa lalaki, ay ipahayag mo kay Honesto, na bunso tang kapatid. pagbilinan mo siya, na pagpasok sa simbahan, ay huwag makipag-umpukan sa kapwa-bata nang huwag mabighani sa pagtatawanan.<br>**Si Urbana kay Feliza -Maynila**<br>**FELIZA:** Sa alas-siete't kami'y makasimba na, ay kakain kami ng agahan pagkatapos ay maglilibang-libang o maghuhusay kaya ng kani-kaniyang kasangkapan, sapagka't ang kalinisan at kahusayan, ay hinahanap ng mata ng taong nagising at namulat sa kahusayan at kalinisan. A-las-ocho, gagamit ang isa't isa ng aklat na pinag-aaralan; | Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. |

ang iba'y darampot ng pluma, tintero't ibang kasangkapang ukol sa pagsulat, magdarasal na sumandai bago umupo sa pag-aaral, hihinging-tulong sa Diyos at kay Ginoong Santa Maria, at nang matutuhan ang pinag-aaralan: mag-aaral hanggang alas-diez, oras nang pagleleksyon sa amin ng Maestra; pagkatapos, magdarasal na ng rosario ni Ginoong Stanta Maria. Pag nakadasal na ng rosario, ako'y nananahi o naglilinis kaya ng damit, at pag kumain ay iginagayak ko ang serbilyeta, linilinis ko ang tenedor, kutsara at kutsilyo, na ginagamit sa lamesa. Ang lahat nang ito'y kung makita ng Maestrang marumi, kami'y pinarurusahan. Pagtugtog nang a-las-doce, oras nang aming pagkain ay pasasa-mesa kami, lalapit ang isa't isa sa kani-kaniyang luklukan, magbebendisyon ang Maestra sa kakanin, kaming mga bata'y sumasagot na nakatindig na lahat, ang katawa'y matuwid at iniaanyo sa lugal.

**Si Feliza kay Urbana -Paumbong**
**URBANA:** Si Honesto't ako'y nagpapasalamat sa iyo, sa matataas na hatol na inilalaman mo sa iyong mga sulat. Kung ang batang ito ' y makita mo disin, ay malulugod kang di-hamak at mawiwika mo, na ang kanyang mahinhing asal ay kabati ng Honesto niyang pangalan. Masunurin sa ating magulang, mapagtiis sa kapwa-bata, hindi mabuyo sa pakikipag-away, at mga pangungusap na di-katuwiran. Mawilihin sa pag-aaral at sa pananalangin; pagka-umaga'y mananaog sa halamanan, pipitas ng sangang may mga bulaklak, pinagsasalit-salit ang iba't ibang kulay, pinag-aayos, ginagawang ramilyete, inilalagay sa harap ng larawan ni Ginoong Santa Maria; isang asusena ang iniuukol sa iyo, isang liryo ang sa akin at paghahayin sa Reyna ng mga Virgenes, ay linalangkapan ng tatlong Aba Ginoong Maria. Kung makapagkumpisal na at saka makikinabang ang isip ko'y angelito, na kumakain ng tinapay ng mga angheles, at nakita ko, na ang pag-ibig at puring sinasambitla ng kanyang inosenteng labi, ay kinalulugdan ng Diyos na Sanggol, na hari ng mga inosentes. Ipatuloy mo, Urbana, ang iyong pagsulat, at nang pakinabangan namin: Adyos, Urbana- Felisa.

**Si Urbana kay Feliza -Maynila**
**FELIZA:** Naisulat na sa iyo, ang madlang kahatulang ukol sa paglilingkod sa Diyos, ngayo'y isusunod ko ang nauukol sa sarili nating katawan. Sabihin mo kay Honesto, na bago masok sa eskuwela ay maghihilamos muna, suklaying maayos ang buhok, at ang baro't salawal na gagamitin ay malins; nguni't ang kanilinisa'y huwag iuukol sa pagpapalalo. Huwag pahabaing lubha ang buhok na parang tulisan, sapagka't ito ang kinagagawian ng masasamang-tao. Ang kuko ay huwag pahahabain, sapagka't kung mahaba ay pinagkakahiratilang ikamot sa sugat, sa ano mang dumi ng katawan, nadurumhan ang kuko, at nakaririmarim, lalung-lalo na sa pagkain. Bago mag-almusal, ay magbigay muna ng magandang araw sa magulang, maestro o sa iba

kayang pinaka-matanda sa bahay. Sa pagkain, ay papamihasahin mo sa pagbebendisyon muna, at pagkatapos, ay magpapasalamat sa Diyos. Kung madurumhan ang kamay, mukha o damit, ay maglinis muna bago pasa-eskuwela. Huwag mong pababayaan, na ang plana, materia, farsilla o regla, papel, aklat at lahat ng gagamitin sa paaralan ay maging dungis-dungisan. Kung makikipag-usap sa kapwa-tao ay huwag magpapakita ng kadunguan, ang pangungusap ay tutuwirin, huwag hahaluan ng lamyos o lambing.

**Si Urbana kay Feliza -Maynila**
**FELIZA**: Itong mga huling sulat ko sa iyo, na may nauukol sa kalagayan mo, at ang iba'y aral kay Honesto, ay ipinauunawa ko, na di sa sariling isip hinango, kundi may sinipi sa mga kasulatan, at ang karamihan ay aral na tinanggap ko kay Doña Prudencia, na aking Maestra: at siyang sinusunod sa eskuwela namin aya ibig ko disin, na sa ating mga kamag-anak, sa mga paaralan sa bayan at mga bario, *ay magkaroon ng mga salin nito at pag-aralan ng mga bata. Ipatutuloy ko ang pagsasaysay ng mga kahatulan. Si Honesto, bago pasa-eskuwela, ay pabebendisyon muna kay ama't kay ina; sa lansangan ay huwag makikialam sa mga pulong at away na madaraanan, matuwid ang lakad, huwag ngingisi-ngisi, manglilibak sa kapwa-bata, o lalapastangan sa matanda, at nang huwag masabi ng tao na walang pinag-aralan sa mga magulang. Kung magdaraan sa harap ng simbahan, ay magpugay, at kung nalalapit sa pintuan ay yuyukid. Pagdating sa bahay ng maestra ay magpupugay, magbibigay ng magandang araw, o magandang hapon, magdasal na saglit.

**Si Urbana kay Felisa -Maynila**
**FELIZA:** Sa malabis na kadunguan ng mga bata kung kinakausap ng matanda o mahal kayang tao, ang marami ay kikimi-kimi at kikiling-kiling, hindi mabuksan ang bibig, turuan mo, Felisa, si Honesto, na huwag susundin ang ganong asal, ilagay ang loob sa kumakausap, sagutin nang mahusay at madali ang tanong, at nang huwag kayamutan. Kung mangungusap ay tuwirin ang katawan, ayusin ang lagay. Ang pagsasalita naman ay susukatain, huwag magpapalampas ng sabi, humimpil kung kapanahunan, at nang huwag pagsawaan. Kung nakikipag-usap sa matanda ma ' t sa bata, ay huwag magsabi ng hindi katotohanan, sapagka't ang kabulaanan ay kapit sa taong taksil o mapaglilo. Ang pagsasalita ay sasayahan, ilagay sa ugali, ituntong sa guhit, huwag hahaluan ng kahambugan, at baka mapara doon sa isang nagsalitang hambog, na sinagot ng kausap. Fuu, Fuu, na ang kahulugan ay, habagat, habagat. Huwag magpalamapas ng sabi at baka maparis doon sa isang palalo na sinagot ng kaharap: hintay ka muna, kukuha ako ng gunting at gugupitin ko ang labis. Sa pakikipagharap, ay mabuti ang nagmamasid sa kinakausap, at kung makakita ng

mabuting asal sa iba

*-halaw mula sa nobelang Pagsusulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza*
*ni Presbitero D. Modesto de Castro*

**Paglalapat at Pag-uugnay**

A. **BIGAY-ARAL**:
Gamit ang tsart, isa-isahin ang mga mabubuti at di-mabubuting kaasalan na nabanggit sa akda at bigyang-paliwanag ayon sa iyong sariling moral at paniniwala.

| KAGANDAHANG-ASAL | Paliwanag | DI KAGANDAHANG-ASAL | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

B. **BAHAGINAN:**
Gamit ang inihandang *concept organizer,* ibahagi ang iyong kaalaman sa sumusunod na mga katanungan.
  a. Anong panahon naisulat ang akda?
  b. Ano ang kalagayang panlipunan ng Pilipinas ng panahong naisulat ng may-akda ang sulatan nina Urbana at Feliza?
  c. Anong pinaghuhugutan ng may-akda sa mensaheng nais ipabatid sa mga mambabasa?

***(Tingnan ang pahina 10 ng Sagutang Papel upang makita ang larawan)***

C. **MENSAHE KO…SULAT KO…**
Sa bahaging ito, ililipat mo ang iyong natutuhan sa kasalukuyang panahon. Sumulat ng FB Messenger na magpapaalala sa mga kabutihang-asal na dapat taglayin ng mga kabataan ngayon. Basahin ito sa loob ng klase pagkatapos.

D. **LARAWANG-SURI:**
Panuto: Suriin ang larawan. Iugnay ito sa mga pangyayaring nailahad sa binasang akda sa pamamagitan ng pagsagot sa tanong.

Ikaapat na araw

*Ang gawaing ito ay maaaring gawing malayang talakayan o di kaya'y pangkatang gawain.*

*Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa gawaing ito. Magbibigay rin ang guro ng mga*



**Mga tanong:**
1. Tungkol saan ang larawan at ang binasang akda?
2. Anong pangyayari sa binasang akda ang naipakita sa larawan?
3. Anong elementong biswal ang dapat taglayin upang mas maunawaan ang mensahe ng akda?

*mula sa* *https://esupermk.live/product_details/43798466.html*

*rubriks.*


| Kategorya | Marka |
|---|---|
| *Nilalaman* | *10* |
| *Estilo* | *5* |
| *Pagsulat* | *5* |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**D. BAWAT BAHAGI**

Pagkatapos mabasa ang akda, suriin ang dalawang pangunahing tauhan sa akda.




Talakayin ang larawan gamit ang mga nakahandang tanong tungo sa pagtalakay ng biswal na teksto.

**1. Pabaong Pagkatuto**

Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.

**BINTANA ng PAG-UNAWA:**

**Urbana at Feliza**

Ang mga nakikitang dagdag na konsepto ay mga batayang kaalaman na may kaugnay na kasanayan

| | | |
|---|---|---|
| | Ito ay akda na naglalaman ng pagsusulatan ng magkapatid na sina Urbana at Feliza. Pawang nauukol sa kabutihang- asal ang nilalaman ng aklat na ito, kaya't malaki ang nagawang impluwensiya nito sa kaugaliang panlipunan ng mga Pilipino. Ito ay isinulat ni P. Modesto de Castro noong ang tinaguriang Ama ng Klasikong Tuluyan sa Tagalog.<br><br>Sa isang lalawigan ay may tatlong magkakapatid na sina Urbana, Feliza, at Honesto. Nagtungo si Urbana sa Maynila para mag-aral samantalang nanatili naman sa lalawigan sina Feliza at Honesto. Lagging nagsusulatan sina Urbana at Feliza, at sa kanilang liham ay lagging nilang ipinapaalala sa bawat isa ang mga ginintuang- aral gaya ng pakikipagkapwa tao, ngpagiging isang mabuting anak, ang pagtanggap sa kahatulan ng Diyos lalo na noong namatay ang ama, at iba pang dakilang aral.<br><br>Ilan sa mga aral na tinalakay sa Urbana at Feliza: Pakikipagkapwa-tao. Dapat laging kumilos nang may pagpapakumbaba, paggalang at pag-ibig sa magulang at sa kapwa pagpasok sa paaralan. Dapat pabasbas ang bata sa magulang bago pumasok sa paaralan. Dapat na tuluy-tuloy siya sa paaralan at huwag makialam sa away at kaguluhan sa daan. Pakikipag-kaibigan. Dapat sa taus-puso at hindi paimbabaw ang pagbibigay-puri sa kaibigan. Kahinhinan ng babae. Huwag magdadamit ng maninipis, maigsi at maluwang ang gupit sa leeg. Kalinisan. Ang isang pumanhik sa bahay nang may bahay ay dapat maunang maglinis o magpunas sa sapin ng paa sa pamunasan bago pumasok sa bahay. Pag-iingat ng ina sa anak na Babae. Ipinapayo ng pari na huwag pabayaang mag-isa ang anak na babae sa piling ng kasintahan. Malapit daw sa tukso ang anak.<br><br>**Dagdag Kaalaman...**<br><br>**Pagbuo ng mga Tekstong Biswal**<br>Ang mga biswal na elemento ng teksto ay mga paraan ng presentasyon ng mga ideya na ginamit upang maiparating ang mensahe tungkol sa mas malawak na datos sa paraang mabilis at mabisa.<br>Mahalagang kagamitan sa sulating teknikal ang mga biswal na elemento na kinakilangan ng mga pigura, dayagram, drowing, ilustrasyon, grap, tsart, iskematik, mapa, litrato at talahanayan.<br><br>**Pangkalahatang patnubay sa paggamit ng mga biswal na elemento**<br>• Maglagay lamang ng mga elementong biswal sa teknikal na sulatin kung may dahilan kung bakit kailangan ang mga ito. | mula sa Gabay Pangkurikulum. Malaya ang gurong gumawa ng paraan kung pano ito ilahad o talakayin sa mga mag-aaral habang binabasa at inuunawa ang lunsarang aralin. Maaari ring magdagdag ng guro sa bahaging ito.<br><br>Sa bagahing ito, |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<ul>
<li>Ipaliwanag ang kahalagahan ng lahat ng ginamit na elementong biswal. Kailangan ding isama ang interpretasyon ng datos na inilahad.</li>
<li>Tiyaking may numero at pamagat ang lahat ng biswal.</li>
<li>Tiyakin ding lahat ng biswal ay tuwirang naglilinaw at nagpapaunlad sa diskusyon sa teksto. Kailangang maitahi ang paliwanag sa mga ito sa diskusyon. Ang mga pamagat nito ay nararapat na akma sa tinatalakay na diskusyon.</li>
<li>Gawan ng tamang dokumentasyon ang mga elementong biswal na may copyright o iyong mga nagtataglay ng mga ideyang hiniram. Ilagay ang source line sa tabi ng numero at pamagat ng biswal.</li>
</ul>
<br>
2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
SAYSAY-BUOD:<br>
Gamit ang sariling natamong kaalaman, ibuod ang nabasang akda at isaysay ang iyong mga natutuhan sa paksang tinalakay.
<table>
<tr><td>Buod ng akda</td><td>Mahahalagang natutunan sa akda</td></tr>
<tr><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td><td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td></tr>
</table>
</td>
<td>
maaaring balikan ng guro ang larawan sa gawaing Larawang-Suri upang talakayan ang kaangkupan ng elementong biswal na ginamit sa akdang binasa.<br><br>
Ikalimang Araw<br><br>
Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo.
</td>
</tr>
</table>

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**TAMA o MALI:** Isulat ang **T** kung pahayag ay Tama at **M** kung ito ay nagsasaad ng hindi kawastuan.<br>1. Ang akdang *Pagsusulatan nang Dalauang Binibini na si Urbana at ni Feliza* ay isinulat ni Dr. Jose Rizal.<br>2. Ang "Urbana at Felisa" ay naglalaman ng makabuluhang mensahe hinggil sa lipunan at kultura noong panahong isinulat ito.<br>3. Si Felisa ay isang dalagitang may mabuting asal at itinuturing na haligi ng kaniyang pamilya.<br>4. Ang pagkakaroon ng mabuting edukasyon ay hindi isang mahalagang tema sa nobelang ito.<br>5. Si Urbana ay naging biktima ng pang-aapi ng kaniyang pamilya.<br>6. Ang nobelang ito ay naglalaman ng mga aral ukol sa pagpapahalaga sa tradisyon at kahalagahan ng pamilya.<br>7. Si Felisa ay nagkaroon ng masamang impluwensiya dahil sa kaniyang mga kaibigan.<br>8. Ito ay naglalahad ng mga hamon at pagsubok na kinakaharap ng mga pangunahing tauhan sa kanilang buhay.<br>9. Sa simula ng nobela, ipinapakita ang pagiging mabait at masunurin ni Felisa, ngunit sa bandang huli ay nagbago ito.<br>10. Ang pagbabasa ng nobelang ito ay nag-aambag sa pag-unlad ng kabatiran at pag-unawa ng mga mambabasa hinggil sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas. | Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng *quiz notebook* upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag-unlad. Ang *quiz notebook* ay maaari ding magsilbing *homework notebook*.<br><br>*Susi ng Pagwawasto:*<br>1. M<br>2. T<br>3. T<br>4. M<br>5. M<br>6. T<br>7. M<br>8. T<br>9. M<br>10. T |

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Ipaliwanag ang kaisipang nakapaloob sa papel. Magbahagi ng iyong kaisipan.



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | *Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.* | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |